
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8: Magagalang na Pananalita



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Magagalang na Pananalita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sheryl A. Luces

**Editor:** Abadesa D. Sabordo
Gina B. Valdez

**Tagasuri:** Marissa A. Olilang
Ma. Gemma A. Bimbao
Celestino S. Dalumpines IV

**Tagaguhit:** Jeffrey P. Julian
Swelyn E. Forro

**Tagalapat:** Edwin C. Salanatin

**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Salvador O. Ochavo, Jr.
Elena P. Gonzaga
Jerry A. Oquindo
Segundina F. Dollete
Shirley A. De Juan
Merlie J. Rubio

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region- VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8: Magagalang na Pananalita

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Magagalang na Pananalita.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mgagalang na Pananalita.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |


Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:


1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Kumusta ka na aking kaibigan? Heto na naman ako, si Kokoy, ang iyong kaibigan, handang gumabay sa iyong paglalakbay. Nakahanda ka na ba para sa susunod nating paglalakbay?
Ops! Sandali lang! Bago natin ituloy ang ating paglalakbay ay napakahalagang malaman mo ang tungkol sa modyul na ito.
Alam mo bang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat batay sa iyong kakayahan? Makatutulong ito upang mabatid mong maigi ang kaalaman tungkol sa paggamit ng mga magagalang na pananalita sa pakikipagtalastasan. Ang mga wikang ginamit ay ayon sa antas ng pang-unawa mo. Ang aralin ay ibinatay ayon sa pamantayan ng kagawaran.




Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- nakagagamit ng magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon;
- sa pagpapahayag ng saloobin/damdamin (F6PS-Id-12.22)
- pagbabahagi ng obserbasyon sa paligid (F6PS-IIc-12.13)
- pagpapahayag ng ideya (F6PS-IIIf-12.19)
- pagsali sa isang usapan (F6PS-IVg-12.25)
- pagbibigay ng reaksiyon (F6PS-IVh-12.19)

## ***Subukin***




Panuto: Iguhit ang ê kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at ○ kung hindi nagpapahayag ng paggalang. Isulat ang sagot sa sagutang papel

1. Hindi ko kailangan ang iyong opinyon.
2. Nabasa ko sa libro na hindi iyan totoo.

3. Mali ka, hindi ganyan ang paggawa nito.
4. Ipagpaumanhin po ninyo nahuli ako sa klase.
5. Hindi namin kailangan ang tulong galing sa iyo.
6. May naisip ako na mas maganda kaysa sa iminungkahi mo.
7. Maraming salamat po sa ibinigay ninyong tulong sa aming pamilya.
8. Naniniwala po ako na mas makabubuti sa lahat ang desisyon ng pangulo.
9. Hindi po ako sumasang-ayon dahil nakasasama po ito sa aming kalusugan.
10. Magandang umaga po, Gng. Luces, ako na po ang magdadala ng mga gamit ninyo.


# Aralin 1 Magagalang na Pananalita



**Alam mo ba**?
Ang magagalang na pananalita ay ginagamit sa iba't ibang paraan. Sa kabuoan, ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng paggalang sa kausap.

Tandaan natin! Maging magalang tayo sa pakikitungo sa kapwa sa lahat ng pagkakataon. Mahalagang gumamit ng mga magagalang na salita gaya ng "po" at "opo" at mga katawagang "Kuya at Ate", "Sir at Ma'am" sa pakikipag-usap sa mga nasa


## Balikan





Panuto: Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang at **MALI** kung hindi.

1. Iniwasan ni Eryll ang mga kaibigang nagbigay puna sa kaniyang gawa.
2. Nakangiting pinakikinggan ni Jyle ang mga ideya ng kaniyang kapangkat.
3. Hinihikayat ni Shun ang kaniyang miyembro na magbigay ng kanilang mga opinyon.
4. Pinagtawanan si Danica ng mga kamag-aral niya nang magkamali siya sa pagsagot.
5. Tinanggap nang maluwag ni Mark na hindi maisasama ang kanyang ideya sa plano ng kanilang klase.

## Tuklasin



Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang diyalogo. Pagkatapos, sagutin ang pag-usapan natin.



Minsan, ang magkaibigang Jimboy at Sean ay nagkasundo na lumabas ng kanilang bahay para puntahan ang kanilang kaklase.

**Jimboy:** Sean, puntahan naman natin si Rey doon sa kabilang kalye.

**Sean:** Sige, iyon din ang iniisip ko dahil matagal-tagal na rin kasing hindi natin siya nakasama.

**Jimboy:** Kaya lang, bawal pala sa ating mga bata ang lumabas ng bahay dahil naka Enhanced Community Quarantine parin ang lugar natin.

**Sean:** Puwede naman tayong magtago sa mga tanod para hindi nila tayo makita.

**Jimboy:** Sige na nga.

**Tanod:** Psst. Hoy! Saan kayo pupunta?

**Jimboy**: Magandang umaga po, Sir.

**Tanod:** Bakit nandito kayo sa kalye? Hindi ba ninyo alam na bawal lumabas ang mga batang tulad ninyo sa panahong ito?

**Sean:** Alam po namin, Sir. Pasensya na po kayo. Gusto lang po sana naming bisitahin ang aming kaibigan.

**Tanod:** Puwede naman ninyong bisitahin ang inyong kaibigan kung magbibigay na ng panukala ang ating gobyerno na kukunin na ang *curfew* sa mga kabataang may edad 20 pababa. Kasi sa panahon ngayon, delikado ang ating sitwasyon dahil sa kumakalat na sakit na dulot ng Covid-19. Gusto ba ninyong magkaroon ng virus at mamatay nang maaga?

**Sean:** Naku! Hindi po, Sir. Pasensiya na po kayo. Uuwi na kami sa aming bahay.

**Jimboy:** Humihingi po kami ng patawad sa nagawa namin.

**Tanod:** Sige, umuwi na kayo. Huwag na ninyong uulitin ito, ha! At Pagdating ninyo sa inyong bahay maghugas muna kayo ng kamay at maglagay ng alcohol para siguradong patay ang mga mikrobyo.


**Sean:** Opo, Sir. Maraming salamat po.

**Jimboy**: Uuwi na po kami, Sir. Maraming salamat po sa paalala.

Pag-usapan Natin:

1. Tungkol saan ang diyalogo?
2. Bakit hinuli ng tanod ang magkaibigang Jimboy at Sean?
3. Paano sumasagot sina Jimboy at Sean habang kinakausap sila ng tanod?
4. Ano-ano ang magagalang na pananalita ang ginamit sa diyalogo?
5. Bilang isang bata at mag-aaral, ano-ano ang magagalang na pananalita ang inyong gagamitin sa pagsali sa isang usapan?

## *Suriin*




Narito ang ilan sa mga pangungusap sa usapan. Basahin ang mga ito. Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

1. Magandang umaga po, Sir.
2. Opo, Sir.
3. Uuwi na po kami.
4. Maraming salamat po sa paalala.
5. Naku! Hindi po, Sir.



Paano inilahad ang mga pangungusap sa usapan? May paggalang ba? Mainam bang gumamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap?

Kung gumamit ng magagalang na pananalita ang mga pahayag pusuan ang patlang ng sagot.

☺ ☹

Upang mas lalo mong maunawaan ang paksa, tara na, sagutin mo na ang gawaing inihanda ko para sa iyo.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang mga magagalang na pananalita na ginamit sa diyalogo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. Pasensiya na po kayo.
B. Magandang umaga po, Sir.
C. Opo, tinulungan kop o si lolo.
D. Humihingi po kami ng patawad sa nagawa namin.
E. Uuwi na po kami, Sir. Maraming salamat po sa paalala.
F. Gusto lang po sana naming bisitahin ang aming kaibigan.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________




Tama ba ang iyong mga sagot? Napili mo ba nang wasto ang mga pangungusap na may magagalang na pananalita?

Ops! Bago mo ipagpatuloy ang pagsagot sa mga gawain basahin at tandaan ang alam


**Alam mo ba?**

Ginagamit ang magagalang na pananalita sa pamamagitan ng pagsagot ng **po** at **opo** sa pakikipag-usap sa nakatatanda o kahit na sa iyong kapuwa bata sa lahat ng pagkakataon. Gumagamit tayo ng magagalang na pananalita sa pagbati, sa paghingi ng paumanhin, sa pagtanggap ng panauhin, sa paghingi ng pahintulot at pakiusap, at pagpapakilala. Maaari ring gumamit ng mga magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng saloobin o damdamin, sa pagbabahagi ng obserbasyon sa paligid, sa pagpapahayag ng ideya, sa pagsali sa usapan at pagbibigay reaksiyon sa isang bagay o isyu. Ito ay mga sitwasyong ginagamitan ng magagalang na pananalita.

Sa kabuoan, ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng paggalang sa kausap.



## *Pagyamanin*




**Pagsasanay 1**

Panuto: Piliin ang pinakamagalang na sagot sa bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nais mong hiramin ang aklat ng iyong kaklase. Paano mo ito sasabihin sa kanya?
   A. Akin na muna ang iyong aklat.
   B. Ipahiram mo sa akin ang aklat mo.
   C. Maaari ko bang gamitin ang aklat mo?
   D. Ibigay mo sa akin ang aklat mo, bilis!
2. Ang kaibigan ng nanay ni Belen ay dumalaw sa kanilang bahay. Ano ang dapat niyang sabihin?
   A. Naku, hindi ko kayo kilala.
   B. Nay, nandito ang kaibigan ninyo.
   C. Wala po dito si Nanay, umalis na kayo.

D. Pasok po kayo, tatawagin ko lang si Nanay.

3. Isang umaga, binisita ni Shella ang klinika ni Dra. Acepcion. Paano niya ito babatiin?
   A. Magpapakonsulta sana ako.
   B. Kumusta ka na, Dra. Acepcion?
   C. Magandang umaga po, Dra Acepcion.
   D. Dra. Acepcion, magpapakonsulta ako.
4. Inutusan ka ng iyong itay na bumili ng mantika sa tindahan. Ano ang isasagot mo?
   A. Opo, Itay.
   B. Ayoko, Itay.
   C. Saglit lang, Itay.
   D. Mamaya na, may ginagawa pa po ako.
5. Pinuntahan mo sa kanilang bahay si Ken. Ngunit kapatid niya ang nagbukas sa pintuan. Ano ang iyong sasabihin?
   A. Nandiyan ba si Ken?
   B. Magandang umaga, si Ken?
   C. Hinahanap ko si Ken, nandiyan ba siya?
   D. Magandang umaga po, nandiyan po ba si Ken?

**Pagsasanay 2**


Panuto: Isulat ang **T** kung tama ang pakikipag-usap, **M** naman kung mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

______ 1. "Opo, inay. Ako na ang maghahatid kay bunso sa eskuwelahan."
______ 2. "Pasensiya na po kayo, hindi ko sinasadya", paumanhin ni Ben.
______ 3. "Umuwi na siya kahapon, Itay", ang sabi ni Melca sa kaniyang tatay.
______ 4. "Hindi ako sasama, wala akong gana", ang sagot ni Gerry sa kapatid.
______ 5. "Sumama po siya sa kaniyang kaklase, sagot ni Sauro sa kanyang guro.

**Pagsasanay 3**

Isulat ang iyong damdamin o reaksiyon kung sumasang-ayon ka o hindi sa pagpagpapatupad ng *Enhanced/General Community Quarantine* sa mga lugar sa ating bansa dahil sa kumakalat na sakit na dulot ng *Covid-19*.


Gamitin ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng iyong damdamin o reaksiyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



## *Isaisip*

Panuto: Buoin ang konsepto tungkol sa paggamit ng magagalang na pananalita.

| Ano ang iyong mga natutuhan sa paggamit ng magagalang na pananalita? | Sa ano-anong sitwasyon ginagamit ang mga ito? | Bakit mahalaga ang paggamit ng magagalang na pananalita? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |





## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang talata. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga tanong gamit ang mga magagalang na salita.

Si Mang Nestor ay isang masipag na magsasaka. Siya ay isa sa may malalawak na lupain sa kanilang lugar. Ngunit napabayaan niya ito dahil nagkaroon siya ng malubhang karamdaman. Kaya tinubuan na lamang ng makakapal at matataas na damo ang kaniyang lupain. May mga kapitbahay siyang nagmamagandang-loob na linisin ito. Nagnanais na tamnan ang nakatiwangwang niyang lupa dahil naghihinayang sila. Ngunit ayaw silang pagbigyan ni Mang Nestor.

1. Kung ikaw si Mang Nestor, hahayaan mo na lang ba na nakatiwangwang ang iyong lupain? Bakit?
2. Sa iyong palagay, bakit ayaw ipalinis sa iba ni Mang Nestor ang kaniyang lupain?
3. Kinakailangan bang matamnan ang lupain ni Mang Nestor? Bakit?
4. Kung ikaw ay isa sa mga kapitbahay ni Mang Nestor, paano mo siya paliliwanagan?
5. Paano mo matutulungan si Mang Nestor at ang kanyang mga kapitbahay upang magamit ang bakanteng lupain?



## *Tayahin*

**Pagsubok 1**

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang sagot na nagpapakita ng paggalang sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.


1. Gusto mong lumabas kasama ang iyong mga kaibigan. Paano ka magpapaalam sa iyong mga magulang?
   A. Aalis po ako kasama ng aking mga kaibigan.
   B. Hinihintay na ako ng aking mga kaibigan sa labas, paalam.
   C. Maaari po ba akong lumabas kasama ang aking mga kaibigan?
   D. Payagan ninyo akong lumabas kasama ang aking mga kaibigan.
2. Gusto mong makipaglaro sa labas kasama ang inyong mga kaibigan. Humingi ka ng pahintulot sa iyong ina ngunit ayaw kang payagan dahil sobrang init sa labas. Ano ang iyong sasabihin?
   A. Sige na inay, payagan na po ninyo ako.
   B. Aalis pa rin ako, Inay kahit hindi ninyo ako papayagan.
   C. Opo, Inay, gagawa nalang po ako ng aking takdang-aralin.
   D. Naku, Inay, wala naman po akong gagawin dito sa bahay kaya payagan na ninyo ako.
3. Nakita mong hindi wasto ang paggawa ng proyekto ng iyong kagrupo at ikaw ang nakakaalam ng tamang paggawa nito. Paano mo ito sasabihin?
   A. Mali ka, hindi ganiyan ang paggawa nito.
   B. Ihinto mo na iyang ginagawa mo kasi mali naman.
   C. Dapat sana sinabihan ninyo ako bago kayo gumawa.
   D. Maaari ba akong magbigay ng suhestiyon sa paggawa ng ating proyekto?
4. Pinuri ka ng iyong guro dahil sa husay mo sa pagguhit. Ano ang tama mong isasagot?
   A. Wala iyon, Ma'am.
   B. Magaling po talaga ako.
   C. Maraming salamat po, Ma'am.
   D. Syempre naman po, kasi may pinagmanahan.
5. Lalabas na sana si Angie sa kanilang silid-aralan ngunit nag-uusap ang kaniyang mga kamag-aral sa may pintuan. Ano ang nararapat niyang sabihin?
   A. Padaan nga.
   B. Makikiraan po sa inyo.
   C. Umalis nga kayo diyan.
   D. Huwag kayong humarang sa pintuan.

**Pagsubok 2**

Panuto: Iguhit ang  kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at 

- kung hindi.

1. “Ate, pakikuha po ng libro ko sa itaas”, ang sabi ni Maica sa nakatatanda niyang kapatid.
2. “Naniniwala po ako na mas magiging matagumpay ito kung magtutulungan tayong lahat”, wika ni Aling Sita.
3. “Maaaring tama po kayo, pero hindi po kaya makabubuti kung sumangguni muna tayo sa ating mga kabaranggay?” ang tugon ni Mang Jun.
4. “Hindi ko kailangan ang opinyon mo”, padabog na sabi ni Mycel.
5. “Maaari po ba akong pumunta sa plasa kasama ang aking mga kaibigan?” ang paalam ni Junryll sa kanyang mga magulang.




## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Unawaing mabuti ang mga sitwasyon at pagkatapos ay isulat ang iyong ideya at reaksiyon kung sumasang-ayon ka o hindi. Gamitin ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng iyong ideya at reaksiyon.

1. Pagtatapon ng basura sa kalye
2. Pagbili ng magagara at mamahaling gamit
3. Pagsusubaybay ng mga magulang sa kanilang mga anak
4. Pagiging materyalista o mahilig sa mga kagamitan ng mga Pilipino
5. Pagkalulong ng kabataan sa masamang bisyo dahil sa mga kaibigan

# Susi sa Pagwawasto

**TAYAHIN**

**Pagsubok 1**

1. C
2. C
3. D
4. C
5. B

**Pagsubok 2**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4.
5. ☺

**KARAGDAGANG GAWAIN**

(Iwawasto ng guro ang sagot ng bata.)

**TUKLASIN**

1. Pasensya na po kayo.
2. Magandang umaga po, Sir.
3. Humihingi po kami ng patawad sa nagawa namin.
4. Uuwi na po kami, Sir. Maraming salamat po sa paalala.
5. Gusto lang po sana naming bisitahin ang aming kaibigan.

**BALIKAN**

1. MALI
2. TAMA
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

**SUBUKIN**

1. O
2. O
3. O
4. ê
5. O
6. O
7. ê
8. ê
9. ê
10. ê

**ISAGAWA**

(Iwawasto ng guro ang sagot ng bata)

**PAGYAMANIN**

**Pagsasanay 1**

1. C
2. D
3. C
4. A
5. D

**Pagsasanay 2**

1. T
2. T
3. T
4. M
5. M

**Pagsasanay 3**

(Isang magalang na reaksyion ang nabuo)

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PS-Id-12.22, F6PS-IIc-12.13, F6PS-IIIf-12.19, F6PS-IVg-12.25, F6PS-IVh-12.19, p. 221
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6PS-Id-12.22, Code: F6PS-IIc-12.13, F6PS-IIIf-12.19, F6PS-IVg-12.25, F6PS-IVh-12.19, p. 119-129

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph